

Hatinggabi sa Kumbento

Mayette Bayuga

Kasama ako sa mga lumabas, sa mga umalis na hindi na maaaring bumalik. Kami ang mga tinutukoy ng isang lumang kasabihan patungkol sa mga Relihiyosong Kongregasyon, kung saan itinakdang “Maraming tatawagin, ngunit ilan lang ang pipiliin.” Dahil diyan, maaaring sabihing kami ang mga pinagpilian.

May ibinigay na pananda sa aklat-dasalan ang naging matalik kong kaibigan sa kumbento bago ako tuluyang nagpaalam. Sariling disenyo at dibuho niya iyon, at nakasulat ang mga salitang ito (isinalin ko mula sa Ingles, kapwa namin hindi alam kung kaninong kaisipan): “Sa Kalbaryo, may isang lalaking matapang na hinarap ang kamatayan, at may isang babaeng matapang na ipinagpatuloy ang buhay. Para malaman natin na ang buhay at kamatayan ay nangangailangan ng iisang sangkap ng katapangan.” Katapangan. Doon ako nagkulang, alam ko. Hungkag na hungkag. Noon, at sana nga hindi na sa ngayon.

Kasisikat pa lang ng araw ay binabaybay na namin ni Sr. Ma. Lourdes ang mga kabahayan sa paligid ng aming kumbento sa Pasil. Tig-isa kami ng bitbit na malaking bag na butiktik ng mga donasyong pandesal, instant noodles, at de-lata. Sinasalubong kami ng mga batang nagkalat sa daan. Malalaki ang tiyan, nagkukulay-ginto ang buhok, at tapak ang marami sa kanila. Kung hindi lumang-luma’t kupas ay nanggigitata ang suot nilang t-shirt at shorts. Ang ilan sa kanila’y tumutulo ang sipon o kaya’y ang laway. Pero lahat sila’y maamo ang mukha, may kislap sa mga mata, at nakangiti

habang nakalahad ang mga palad na inaasam ang ipinamumudmod naming pandesal. Pasil, isang panahon noong dekada otsenta.

Sadyang itinayo sa mga mahihirap na komunidad o tinatawag na depressed areas ang mga kumbento ng Kongregasyong Relihiyosong pinasukan ko. “Buong pusong paglilingkod sa pinakamahirap sa tanang mahihirap” ang isa sa mga relihiyosong panata o religious vows ng Kongregasyon, maliban pa sa mga panata ng kadalisayan, kahirapan, at pagkamasunurin, na mga saligan ng buhay-relihiyoso.

Payak, walang mataas na bakod, at bukas sa lahat ang kumbento. Isa sa mga pangunahing gampanin ng mga madre ang pakikipamahay sa mga tao sa komunidad. Dinadalaw ng mga madre ang mga kabahayan pagkatapos ng unang misa tuwing Linggo. Pares-pares silang lumalakad, lahat ay may takdang rutang dapat galugarin at mga taong dapat abutin.

“Sister, datu ka o pobre?” Iyon ang naulinigan kong sabi niya sa mahinang boses. Hinawakan ng lilimahing taong gulang na batang babae ang mga palad ko, saka tumingala at tinitigan ang mukha ko. Hindi ko siya naintindihan. Magta-tatlong-araw pa lang ako sa Cebu. Mga dasal na Cebuano pa lang ang kinakabisa ko. Ang kumbento sa Pasil ang nagsisilbing Formation House ng mga gaya kong bagong pasok sa Kongregasyon. Iyon ang unang pagkakataong kasama ako sa pagdalaw sa mga kabayanan. Katatapos naman ni Sr. Ma. Lourdes ng Final Vows, takda ng pagiging isang ganap na madre, at ilang linggo pa lang siyang nakabalik galing sa Maynila.

“Tinatanong niya kung datu ka o pobre, kung mayaman ka o mahirap,” sabi ni Sr. Ma. Lourdes.

“Pobre! Pobre ako!” malakas kong sagot.

Ngumiti ang bata at kapit-kamay naming pinasok ang isang eskinita kung saan dikit-dikit ang mga bahay. Nagulat ako sa biglang pagsungaw ng ulo ng isang biik na nakatali sa pinto ng isa sa mga bahay. Nakahambalang sa makipot na daan ang mga gamit - balde, palanggana, lumang kalan, kaldero, at kung ano-ano pa. Nagpuputik dahil naglalaba ang isang babae sa isang tabi at doon mismo sa paligid niya isinasaboy ang tubig. Nakatalaytay ang mga sinampay. May isang lalaking biglang sumigaw at kahit hindi ko maintindihan, pakiwari ko ay may minumura. Pumalahaw ang isang bata. Manaka-nakang tumatahol ang isang aso. Kinukutkot ng mga pusa ang tambak ng mga nakaplastik na basura sa isang sulok.

“Maayo!” sigaw namin ni Sr. Ma. Lourdes habang sinisilip ang bawat bukas na bintana’t pinto. Binitawan ng bata ang kamay ko at tumakbo papunta sa isa sa mga bahay. Lumingon siya sa akin bago pumasok sa pinto, titig na titig pa rin sa akin, para bang may pinag-aaralan sa mukha ko.

“Maayong buntag,” may mangilan-ngilang sumasagot sa aming pagbati.

Nagpatuloy kami sa pag-abot ng pandesal sa mga lumalapit sa amin, bata man o matanda. Hanggang makaliko kami papunta sa isang hanay ng mga kabahayan. Maluwang ang bahaging iyon at may mga bakanteng lupa. Nanlaki ang mga mata ko sa mga nakalatag na mala-pating na isda sa ilang panulukan. Tinitilad daw at dinadaing ang mga iyon at ibinibenta sa merkado, sabi ni Sr. Ma. Lourdes. Pangingsda ang isa sa mga pangunahing pinagkakakitaan ng komunidad, na naliligiran ng dagat. Dagat iyong kulay burak, umaalingasaw sa basura, at pinanlalagkit ng krudo. Laging may paroo’t parito at may nakapondong mga bangka. Abot-tanaw kung may parating na barko at kung may barkong nakadaong sa dako pa roon.

Nang malaman ang balak kong pagpasok sa Kongregasyon, ilang kakilala ang pumigil sa akin. Hindi ko raw kakayanin ang buhay sa squatters’ area. May nagsabi pang ang alam niya ay kasama sa sakripisyo ng mga madre ng Kongregasyon ang paglalakad ng tapak. Baka raw mapako ako at matetano. Bakit hindi na lang daw sa Kongregasyon ng mga madre kung saan ako nag-aral noong High School, na isa sa mga pinakamatandang Kongregasyon sa Pilipinas, ako pumasok. “Hindi ko maaaring piliin kung saan ako tatawagin,” sagot ko sa lahat. Pero paulit-ulit na ibinubulong ko sa sarili ko, hindi ninyo ako totoong kilala.

Sumigaw ng maayo si Sr. Ma. Lourdes sa tapat ng isang bahay na yari sa kahoy at kawayan. “Saka kamo, Sister,” sigaw din ng isang babae mula sa likod-bahay. Tumuloy na kami sa loob.

Tumbok ng pinto, nakaratay sa papag na may gulanit na banig ang isang matandang lalaki. Nanunuot ang panghi at ang amoy ng suka. Maputlang-maputla ang matandang lubog ang mga pisngi at yayat ang katawan. Halos hindi na ito makakilos, pero kahit paano ay tumango at bumuka-buka ang bibig nang kausapin ni Sr. Ma. Lourdes at yayaing magdasal. Pautal-utal man, sinabayan ko sila.

“Amahan namo, nga anaa sa mga langit ... Pagdaygon ang Imong Ngalan. Moabot kanamo ang Imong gingharian ...”

Paglabas namin ng bahay na iyon, naabutan naming binabaligtad ng isang babae ang mga isdang nakabilad sa yero sa di kalayuan. May malaki't maliit na mga isda, may bilugan, may haba. Napansin ko ang ilang danggit at pusit, at hindi ko alam ang tawag sa iba pa. Nakakula naman sa kabilang bahagi ng yero ang mga puting kamison, bra, at salawal.

Nilapitan namin ang babae. Halatang sanay na itong dinadalaw ng mga madre ang bahay nila. Sinabi ni Sr. Ma. Lourdes na kailangan nang dalhin sa Tahanan ang tatay nito. May isa pang kumbento ang Kongregasyon doon din sa Cebu, kung saan inaalagaan sa isang Tahanan ang matatandang may malubhang sakit o inabandona na ng sariling pamilya.

Sinabi ng babaeng pumunta na rin sa kaniya ang kasamahan naming madre. Pero ayaw daw niyang mahiwalay sa kaniya ang kaniyang tatay. Kalooy si Tatay, sabi ni Sr. Ma. Lourdes. Magiging maayo raw ang butang nito sa Tahanan. Mariing umiling ang babae, sabay tulo ng luha. Ipinagpatuloy nito ang pagbabaliktad sa dinadaing na mga isdang bilugan, haba, maliit, malaki, danggit, pusit, pati kamison, bra, at salawal.

Tahimik kami habang lumalakad palayo sa bahay. Maaari kaming makiusap. Pero hindi kami maaaring mamilit. Ang mahalaga sa lahat, maaari kaming magdasal nang walang humpay. Unlimited, kung бага. Iyon ang isa sa mga una kong naintindihan sa katuturan ng aming aktibo-kontemplatibong Kongregasyon.

Bukang-liwayway pa lang, abala na ang mga madre sa paggawa ng mga tungkulin para sa komunidad ng kumbento. Kinakalap mula sa kalye ang mga taong-grasa at pulubing wala nang mauuwian pa; inaasikaso ang mga inabandonang bata't matanda sa Tahanan; at kinakatok ang bahay ng mga may matinding pangangailangan. Pero may mga oras na nakatakda para sa taimtim na pagdarasal. Mahaba ang mga dasal mula sa mga makakapal na libreta. Matagal na panahon ang ginugugol sa pagluhod. Dasal ang tunay at tanging lakas.

Minsan, inaabot ako ng labis na antok habang nagdarasal. Minsan naman, ng matinding pagkabagot.

Masakit na sa balat ang araw, nasa kalye pa rin kami ni Sr. Ma. Lourdes. Kailangan naming masunson ang lawak ng aming ruta habang tahimik na nagrososaryo. Nadaanan namin ang isang babaeng nagkukula ng mga puting kumot sa kanilang bakuran. Agad siyang kumaway. Lumapit kami at sa mabilis na pananalita ay ipinakiusap niyang dalawin namin ang

kapitbahay nilang si Osing. Kauwi lang daw nito galing sa Maynila, kung saan ito nagtrabaho ng ilang buwan. Bugbog-sarado raw ito ng amo at walang kapera-pera. Kaya lang, nakakandado ang bahay nina Osing. Mga estudyante niya sa katesismo sina Alice at Osing noong postulant pa lang siya, sabi ni Sr. Ma. Lourdes.

“Sr. Lily...” Hindi pa kami nakalalayo nang tuwang-tuwang mahigpit na yumakap kay Sr. Ma. Lourdes ang isang babae. May kasama itong dalagitang buntis.

“Sr. Ma. Lourdes na, Nay Milag,” sagot ni Sr. Ma. Lourdes. Pinapalitan ng pangalang hango sa mga pangalan at katawagan ng Mahal na Birhen o ng mga santa ang pangalan ng madre kapag naisagawa na ang kaniyang Final Vows.

Ibinaling ni Sr. Ma. Lourdes ang atensiyon sa dalagitang buntis. “Minyo ka na, Doris?” tanong niya rito. Alanganin ang ngiting tumango ang dalagita. Sixteen pa lang ang kaniyang anak, buntong-hininga ni Nay Milag. Estudyante rin ito ni Sr. Ma. Lourdes dati sa katesismo.

Buto’t balat ang biik na nakatali sa poste ng bahay na kasunod naming dinalaw. Mataas ang bahay na may kawayang hagdan. “Maayong buntag,” tawag ni Sr. Ma. Lourdes.

Mugto ang mga mata ng babaeng sumungaw sa bintana. “Saka kamo, Sister,” impit ang kaniyang boses.

Nabungaran naming nakabulagta sa sahig ang isang lalaking malaki ang katawan. Nangangamoy-alak ito at patay-tulog sa kalasingan. Okupado na nito ang halos kalahati ng kubo. Sumalampak sa tabi ng lalaki sa sahig na yari sa silat-silat na kawayan ang babae. Naupo kami sa tabi niya. Maputla siya, puno ng mumunting gatla sa noo, at bagsak na bagsak ang katawan. Nanatili siyang nakatungo nang kausapin ni Sr. Ma. Lourdes, kinakalikot ang kaniyang butuhang mga daliri. Ni isang salita ay wala siyang sinabi. Noong una, akala ko ay nanay siya ng lalaki, na halatang bata pa.

“Mangadye ka sa Guinoo, Ebeng,” sabi ni Sr. Ma. Lourdes. Biglang gumalaw ang paa ng lalaki at saka ito umungol. Napatayo ako sa takot. Akala ko ay babangon ito. Pero nagsimula itong humilik. “May awa ang Guinoo,” dugtungo ni Sr. Ma. Lourdes.

“Gusto ko nang mamatay, Sister,” humikbi-hikbi si Ebeng. Mahaba ang naging sagot ni Sr. Ma. Lourdes, kaya lang ay sa Cebuano. Inabutan ko

si Ebeng ng instant noodles, de-lata, at pandesal. Agad niyang isinubo ang pandesal.

“Huwag ka nang umiyak,” sabi ko. Pinahid niya ang kaniyang luha at suminghot. Nang paalis na kami, hinagisan ko rin ng pandesal ang biik na nakatali sa poste. Bagong kasal pa lang daw si Ebeng noong panahong aspirant si Sr. Ma. Lourdes. Noon pa man daw, ganoon na ang buhay nito.

Marahil isa ang kuwento ni Ebeng sa maraming dahilan kaya ako tumakas. Sa katahimikan ng mga hatinggabi sa kumbento, hindi ko kinakaya ang bigat ng mga kuwentong gaya ng kaniya nababalutihan man ako ng mga dasal. Ano nga ba ang totoong maibibigay ko kay Ebeng, saang libreta nga ba ng mga dasal ako huhugot ng maituturo ko sa kaniya, paano ko nga ba siyang matutulungan? Iyon ang mga walang katapusan kong tanong. Maaari namang ginamit ko lang dahilan ang bigat ng kuwento niya at ng iba pang nakilala ko sa bawat araw ng Linggo ng pagdalaw ko sa mga kabahayan, para kumbinsihin ang sarili kong hindi talaga ako karapat-dapat sa kumbento.

At maraming hatinggabi nga maraming taon pa ang lumipas, nagliwanag sa aking hindi naman talaga ang hirap at sakit ng buhay sa Pasil ang tinakasan ko. Dahil mas marami pang buhay na higit ang rubdob at pait kaysa sa mga nakita ko roon. At sa mga sumunod na panahon saan man ako naroon, tinakasan ko rin hindi lang ang mga hirap at sakit, rubdob at pait, kundi ang napakaraming pagkakataon - mas maalwang trabaho, mas maginhawa sanang buhay, at oo, sa totoo lang, pati pag-ibig.

Paulit-ulit kong tinakasan ang lahat, laging hinahabol ng hindi ko maipaliwanag na lungkot, ng dilim, at ng takot. Lalo't higit ng takot. Natakot ako sa responsibilidad...natakot akong magtiis...natakot akong makisangkot...natakot akong lumundag...natakot akong maging masaya...natakot akong magmahal. Sa bawat hatinggabi, nagtatago ako sa hiwaga ng mga salita, isinasalaysay ang hibik, kiliti, siphayo, halakhak, kilig, salamisim, hinaing, kulay, at saysay ng mga buhay na hindi kahit kailan man magiging akin.

Tahimik naming tinalunton ni Sr. Ma. Lourdes ang daan patungo sa may dagat. Huminto kami sa tapat ng isang bahay na higit pang mataas kaysa sa bahay nina Ebeng. Sala-salabat ang mga lambat na nakasabit sa paligid nito. “Maayo,” kapwa kaming sumigaw, nakatingala sa bahay na

bukas ang pinto at nasisilip ang mga nakabiting palamuting panay gawa sa capiz shells.

“Sister,” mula sa isang natatabingang bahagi ng silong sumigaw ang babae. Nagtatagpi ito ng lambat. “Nakabalik na pala kayo, Sister,” sabi nito kay Sr. Ma. Lourdes, saka tumingin sa akin. “Bagong nobisyada ka, Sister?” tanong nito. “Aspirant pa lang,” sagot ko. “Ako si Jean,” pakilala niya. Binati namin ni Sr. Ma. Lourdes ang mga likhang capiz sa bahay nila. Sinabi niyang ipinakisabit lang ang mga iyon sa kanilang dingding dahil bakante naman. Gawa ang mga iyon ng kanilang kapitbahay.

“Mama ...,” humahangos ang isang batang nagdadalagita. Tinanong ni Sr. Ma. Lourdes kung si Baby daw ba ito. Dalaga na raw pala.

“Ang ganda-ganda niya,” sabi ko.

Ibinaba ni Jean ang punit na lambat at niyakap ang anak. “Bata pa itong anak ko, Sister. Bata pa siya, di ba?” parang nagmamakaawang tanong niya sa akin. Parang gusto niyang sabihin kong hindi pa nga dalaga ang maganda niyang anak, bata pa ito, bata pa, bata paaa

Pinasamahan kami ni Jean kay Baby sa kanilang kapitbahay. Halos ay sa dagat na nakatirik ang bahay. Tuwing umaalon ay nababasa ang silong kung saan nagkalat ang capiz shells, na ang ilan ay durog-durog na. Nang marinig namin ang “saka” ay agad na kaming umakyat. Mula bubong hanggang dingding at sahig ay puno ng mga obrang yari sa capiz shells - aranya, salamin, lampara, plorera, kuwadro, kalendaryo, relo, at kung ano-ano pa. Abalang kinukutikot ng isang ale ang isang hugis-palakang dekorasyon, nakadukmo sa pagkakasalampak sa sahig. “Maayong buntag, Sisters,” sabi niyang ni hindi tumitingala. Tinanong ko kung gawa niya ang lahat ng nakadispley sa sala. “Layblihod,” sagot niya.

“Babay, Sisters,” paalam ni Baby sa amin.

“Sige Baby, salamat, umuwi ka na,” panabay naming sagot ni Sr. Ma. Lourdes. Tumakbong palayo si Baby, pero hindi para umuwi kundi para pumunta sa nakahintong karo ng isang lalaking nagtitinda ng iba’t ibang klaseng pagkain. Sinipat nito ang mga nakabiting puso o kaning nakabalot sa hinabing dahon ng niyog, tinapik ang mga botelya ng sahog ng haluhalo, at inamoy-amoy ang fishballs. Bata pa nga siya, gaya ng sabi ni Jean. At sana nga, buntong-hininga ko, magtagal pa siyang batang botelya ng haluhalo, fishballs, at nakabiting puso lang ang pinag-iinteres. Abalang-abala pa rin si Jean nang bumalik kami sa kanila. Kailangan daw niyang tapusin ang

sinusulsihang lambat. Habang si Baby ay sarap na sarap sa nginunguyang bagong sawsaw na fishballs sa tamis-anhang sauce... tusok... sawsaw... nguya.

Ubos na ang pandesal. Katanghalian na. May mga batang humahabol sa amin. “Palihug, sisters ... pandesal ... pandesal!” sigaw nila. Gutom na sila. Kaya lang wala nang laman ang mga bitbit naming bag. Ipinagpag ko ang mga iyon at umiling. Nagtakbuhan silang palayo.

Akala ko abandonado ang bahay na sunod naming hinintuan. Nagkalat ang basurang pinagpipiyestahan ng ipis at bangaw sa labas. Sarado ang dalawang bintana. Nakaawang ang pinto pero walang kaingay-ingay mula sa loob. Sumilip ako sa siwang ng pinto. “Maayong buntag,” tawag ko. Madilim ang loob ng bahay at naghalo ang iba’t-ibang amoy.

“Sister ...,” biglang sumungaw sa pinto ang isang babae, at halatang hiyang-hiyang pinatuloy kami.

Bahagyang lumiwanag nang buksan ang pinto. May dalawang batang nakaupo sa isang malaking kama, tumutulo ang sipon at walang salawal. May tumpok ng tae ng tao sa isang sulok. Nakatambak sa ibabaw ng mesa ang orinola, mga baso’t pinggan, trapo, curlers, suklay, pulbos, walang takip na lipstick, at kung ano-ano pa. Tinabig ng babae at paika-ikang lumabas ang isang asong naknak ang mga sugat. “Pasensiya na, Sister,” sabi ng babae, “may sakit ang manghod ko.”

Pinagsabihan ni Sr. Ma. Lourdes ang babae. Magkakasakit daw talaga ang kapatid nito kasi ang dumi-dumi ng paligid. Buksan daw ang mga bintana. Turuan daw ang mga bata na magkalibang sa kubeta. Bigla akong nakaramdam ng matinding pagod, kaya nagpauna na akong lumabas. Hindi na rin nagtagal sa pangangaral si Sr. Ma. Lourdes.

Pinagpapawisan na ako at kumakalam na ang sikmura. Kahit wala akong relo, alam kong malapit nang dumupikal ang kampana ng Orasyon. Kailangan na naming makabalik sa kumbento. Ang tugtog ng kampana ay tinig ng Diyos. Iyon ang turo sa amin. Tawag iyon para itigil ang ano mang ginagawa at magdasal. Sama-sama kaming lahat ng mga madreng mag-oorasyon sa kapilya bago kumain ng pananghalian.

Abot-tanaw na ang tarangkahan ng kumbento nang madaanan namin ang ilang lalaki. Nakapalibot sila sa isang lamesita kung saan may mga bote ng alak at may inihaw na isdang nasa dahon ng saging. Panay ang hitit ng sigarilyo ng ilan samantalang ang iba naman ay sinisimsim ang laman ng

kanilang mga baso.

“Sisters nga guapa ...,” sabi ng isa pagtapat namin. Napahawak ako sa kamay ni Sr. Ma. Lourdes, sabay usal ng Memorare ng Mahal na Birhen. Tinantiya ko kung ilang malalaking hakbang-takbo mula sa kinatatayuan namin papunta sa tarangkahan ng kumbento.

“Huwag kang matakot. Mababait ang mga iyan. Tumutulong sila pag may mga kailangan tayo at pag may mga gagawin sa community. Hindi naman sila nambabastos, nagsasabi lang ng totoo na magaganda tayo,” pampakalma ni Sr. Ma. Lourdes. Tinanguan niya ang mga lalaki.

Tama si Sr. Ma. Lourdes. Sa gitna ng mga duguang tinitilad na naglalakihang isda at dinadaing na danggit at pusit; baboy o biik na nakatali sa magkabi-kabilang poste; tambak ng basura; galising aso; nakabuyangyang na sinampay; karo ng haluhalo, fishballs, at nakabiting puso; yakap ng dagat na kulay burak sa ilalim ng katanghaliang tapat na araw sa sulok na iyon ng Pasil - nananatiling puting-puti ang aming mga suot, malinis at makinis... makinis at malinis.... nagmamaganda.

Nakaluhod na sa kapilya ang mga madre, nobisyada, postulant, at mga kasama kong aspirant pagdating namin. Galing din sila sa iba’t ibang gampanin sa araw na iyon ng Linggo. Ang araw na iyon ang unang pagkakataon kong harapin ang isa sa mga pangunahing gampanin ng Kongregasyon. Alam ko, marami pang Linggo ng pakikiisa sa hinagpis at hayahay ng Pasil ang darating. Asam ko, pang-habambuhay ko nang maging buhay ang gayon. Akala ko’y handang-handa ako.

Klang! Klang! Klang!

Dati’y sa mangilan-ngilang pinakamalapit na kaibigan o sa ilang may katulad ding karanasan ng pag-iwan sa bokasyon ko lang naibubukas ang kuwentong ito. Masakit kasi harapin ang panghuhusga kung ano na nga bang nangyari sa akin at kung ano ang mga ginawa ko at ang mga hindi ko ginawa matapos ang yugtong ito.

Saan ako pupulot ng lakas para amining minsan kong pinangarap maging madre sa mga taong ang pagkakakilala sa akin ay nuknukan ng kasungitan, katarayan, kalandian, o pak na pak na kamalditahan? Paano ko nga ba namang sasabihing minsan akong pumasok sa kumbento sa mga taong nakaalam na nagsusulat ako ng erotika (porn, sabi ng ilan), na siguradong ikasusuka hindi lang ng mga kalinis-linisan at nagmamalinis, kundi maging ng mga nagsasabing malawak ang kanilang isip? Anong

mukha ang ihaharap ko sa nagtatanong kung bakit sa mahabang panahon iniwan ko ang simbahang Katoliko at ngayon naman ay kasabay na sinasamba ang mga Diyos sa ibang anyo't pangalan, pati na ang mga diyos-diyosan at mga diyosa ng kawalan? At bakit nga ba naging karapat-dapat sa kumbento ang isang minsan ding naging kasapi ng kapisanan ng mga makabagong mambabarang?

Mas mabuti pa nga sanang itinago ko na lang. Kaya lang, sa panahong hindi ka na bata, iyong alam mong iilang hakbang na lang tungo sa huling kahahantungan, wala nang panahon sa takot. Huli man, baka sakaling mayroon pa akong maiaalay, kahit limot ko na ang mga dasal. Dahil halos tatlong dekada mula noong talikuran ko ang tawag at takasan ang aking bokasyon, gusto kong sabihing kahit paano nahanap ko na sa kaloob-looban ng aking loob ang sangkap na minsang pinanghawakan din noon sa Kalbaryo ng isang lalaking buong tapang na namatay at ng isang babaeng buong tapang na nagpatuloy mabuhay.